Multilingual na Impormasyon Setyembre 2025

Tema: "**Tungkol sa pag-iwas sa kalamidad**" **Tagalog**



KALAMIDAD o SAKUNA na gaya ng LINDOL o BAGYO may pagkakataong kinakailan nating Tumakas o Lisanin o Iwanan ang ating Bhay/Tirahan dahil DELIKADO at kailangang pumunta sa Ligtas na Lugar. Sa ganitong sitwasyon dapat alam ang gagawin at alam kung saan pupunta.

DAPAT ALAM MO AT NAKAHANDA:

・LUGAR【Malaking Park at Paaralan】

dito posibleng magkikitakita at makakakuha ng imporma-syon sa mga nangyayari at kung ano ang mga dapat gawin.

・BAG【Importante at may 3～ 7 arw na laman na mga sumusunod】

GAMOT (ito ay dapat laging handa at nakalagay sa plastick para hindi mabasa), TUBIG, PAGKAIN,DAMIT at PERA (pera ay maaaring magamit pgkatapos ng kalamidad)

Ang LINDOL ay ang imposibleng malakas na pag-uga mga bahay,gusali,pag-hati ng mga daanan, Sa loob ng bahay I-secure ang mga kasangkapan upang hindi ito gumalaw at ibaba sa lapag ang mga mahulog na bagay para sa kaligtasan.

MALAKAS NA LINDOL

para sa mga nasa loob ng bahay magtago sa ilalim ng mesa para protektahan ang iyong ulo. Kapag tumigil ang pagyanig, patayin ang anu mang apoy tulad ng mga kalan, buksan ang pinto at mag-isip ng paraan upang makatakas. Tingnang mabuti ang sitwasyon at pagkatapos ay lumikas. Kung ang lugar ay mapanganib gumawng paraan para makalikas sa isang ligtas na lugar (mahirap pero kailangang hindi nagpapanic)

Kung nagkataong nasa LABAS mangyaring lumayo sa dagat,ilog, matataas na gusali at mag-intay ng impormasyon na maaa-ring mula sa TV, cellphone at nagiikot na mga tao kaya talasan ang pandinig

TANDAAN

・ang lLndol ay umuulit o may kasunod na pgyanig o paggalaw ng lupa at mga gusal kaya kailangang mag-doble ingat at makiramdam

BAGYO

Posibleng MALAKAS na ULAN na sanhi ng pagtaas ng tubig sa dagat at ilog at pag-angat ng mga manhole dahil sa pagdami ng tubig paglubog ng mga gusali,

bahay,sasakyan,opisina

PosiblenMALAKAS na HANGIN na sanhi ng pagkasira ng mga bagay-bagay tulad ng paglipad ng mga sasakyan,puno, mga poste ng kuryente,ilaw trapiko 、pag-uga ng mga tulay,pag-kasira ng mga Bhay at mga tindahan na nasa labas lamang at maaaring pagkasugat ng tao na nasa labas o nasa byahe.

Sa bawat Sakuna o Kalamidad ito ay binabalita sa atin at may mga paalala kung ano ang dapat gawin at kung ano ang dapat paghandaan at isaalang alang.

IMPORMASYON

Sa iyong lugar ay may mga inihahatid na babala para dito kung ikaw ay nasa Nagano City tingnan ang 👇 GABAY at IMPORMASYON sa Pag-iwas sa bawat sakuna:

・Mayroon para sa English, Mandarin Chinese, Thai, Japanese, at Tagalog. mangyaring basahin nang mabuti ang impormasyon at at tandaan ito parmaprotek-tahan ang iyong buhay, tulad ng mabilisang paglikas at makaligtas sa ipanganib.

Hazard Map →

Impormasyon sa Lungsod ng Nagano →